KANSER SA COLON

Maiiwasan mo ito

IMPORMASYON PARA MAIWASAN ANG KANSER SA COLON

PANGATLO

Sa United States, ang kanser sa colon ay ang pangatlo sa pinakakaraniwang kanser sa mga kalalakihan at kababaihan ngunit ito rin ay isa sa mga pinaka-maiiwasang uri ng kanser.

1 sa 23
Panghabambuhay na panganib ng kanser sa colon sa kalalakihan

1 sa 25
Panghabambuhay na panganib ng kanser sa colon sa kababaihan

150,000+ Bilang ng mga bagong kaso ng kanser sa colon ngayong taon

50,000+ Bilang ng mga taong mamamatay dahil sa kanser sa colon ngayong taon

1990 Tinatantya na ang mga taong pinanganak noong 1990's ay may dobleng mas mataas na panganib na magkaroon ng kanser sa colon at apat na beses naman na mas mataas na panganib na magkaroon ng rectal na kanser kaysa sa mga pinanganak noong 1950's.

Bagama't masalimuot ang mga dahilan, iniisip ng mga eksperto na maaaring mag-ambag ang hindi malusog na diyeta at laging nakaupo

Ang pagsusuri ng kanser ay nagliligtas ng mga buhay

Edad 45 hanggang 75

Ang mga taong nasa katamtaman na panganib na magkaroon ng kanser sa colon ay dapat masuri

Edad 75+

Ang desisyon na ipagpatuloy ang pagsusuri ay dapat na ipasadya sa mga taong mahigit sa 75 anyos na

Kada 10 na taon o kada isang taon

Ang pagkakaroon ng colonoscopy tuwing 10 na taon simula sa edad na 45 o ang pagkakaroon ng stool test kada taon ay ang mga inirerekomendang pagsusuri sa kanser sa colon.

Ang pagtanggal ng mga polyp ay nakakabawas sa pagkakaroon ng kanser sa colon at nagliligtas ng mga buhay. Ang pag-iwas ay talagang makapangyarihan!

- Upang matuto pa: gi.org/coloncancer
- Paano humanap ng doktor: **gi.org/find-a-gastroenterologist**
- Upang makapagbasa pa: bit.ly/ACG2021-CRC-Guideline

1-Step Test

Colonoscopy

Ang colonoscopy ay isang pagsusuri na naghahanap ng mga paglaki, na tinatawag na polyp, sa iyong colon at rectum gamit ang isang camera. Sa tulong ng colonoscopy, maaaring alisin ng iyong doktor ang mga polyp at ito'y makakatulong sa pag-iwas sa pagkaroon ng kanser sa colon.

2-Step Test

Sinusuri ng pagsusuri sa tae ang mikroskopikong dami ng dugo. Kung positibo ito, kinakailangan ang colonoscopy bilang pangalawang pagsusuri.

2-Step Test

Ika-1 hakbang

Pagsusuri sa tae

o

bahagyang colonoscopy

o

Mga pagsusuring imaging

CT scan ng colon

pildoras na may camera

Positibong pagsusuri?

2-Hakbang na Pagsusuri
Colonoscopy